Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO
## Ikatlong Markahan –Modyul 2.2

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Abigail J. Sta. Maria
**Tagaguhit:** Abigail J. Sta. Maria
**Tagalapat:** Fritzie Ann F. Garcia
**Tagasuri ng Nilalaman:** Juriz A. De Mesa/Michelle A. Tiangco
**Tagasuri ng Wika:** Rico C. Tarectecan
**Tagapamahala:** Malcolm S. Garma, Regional Director – NCR
Alejandro G. Ibañez, CESO VI, OIC- Schools Division Superintendent
Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR
Loida O. Balasa, CID Chief SDO Navotas City
Ronald D. Montes, EPS Edukasyon sa Pagpapakatao – NCR
Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR
Eloisa S. Sanchez, OIC-EPS Edukasyon sa Pagpapakatao SDO Navotas City
Grace R. Nieves, LR EPS SDO Navotas City
Nancy C. Mabunga, Librarian – NCR
Vergel Junior C. Eusebio, PDO II LRMS
Shirley Eva Marie V. Mangaluz, Librarian II LRMS

**(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili)**

# PAGGALANG SA BUHAY

## INAASAHAN

Ang buhay ay mahalagang biyaya ng Diyos sa tao. Nakaukit dito ang likas na karapatan at dignidad natin bilang tao. Nararapat lamang na itinataguyod at iginagalang ito bilang likas na karapatan ng bawat nilalang, siya man ay bata o matanda, may sakit o kapansanan, babae o lalaki man. Dahil dito, mahalaga na magkaroon ka ng matibay na paninindigan na ipaglaban at ipagtanggol ito.

Sa SLeM na ito ay inaasahang maipamamalas mo ang mga sumusunod na kasanayan:

1. Napangangatwiranan na: (EsP10PB-IIId-10.3)
   a.) mahalaga ang buhay dahil kung wala ang buhay, hindi mapahahalagahan ang mas mataas na pagpapahalaga kaysa buhay at di makakamit ang higit na mahalaga kaysa buhay;
   b.) ang pagbuo ng posisyon tungkol sa mga isyu sa buhay bilang kaloob ng Diyos ay kailangan upang mapatibay ang ating pagkilala sa Kanyang kadakilaan at kapangyarihan at kahalagahan bilang nilalang ng Diyos.

2. Nakabubuo ng mapanindigang posisyon sa isang isyu tungkol sa paglabag sa paggalang sa buhay ayon sa moral na batayan. (EsP10PB-IIId-10.4)

## UNANG PAGSUBOK

**Panuto:** Suriin ang mga sitwasyon. Buuin ang kuwento batay sa maaari mong gawin kung sa iyo ito mangyayari. Isulat ang iyong kasagutan sa loob ng kahon.

| | |
|---|---|
| Ang isang mag-asawa ay nagkaroon ng anak na may malubhang kapansanan. Sinabi ng doktor na ang kalidad o kalagayan ng buhay na magkakaroon siya ay magiging lubhang limitado. | |
| Isang inang limang buwan nang nagdadalang-tao ang nagkaroon ng malubhang sakit. Ayon sa mga doktor, kailangang alisin ang kanyang bahay-bata ngunit maaari itong ikamatay ng sanggol sa kanyang sinapupunan. Ngunit kung hindi naman ito gagawin, siya naman ang manganganib ang buhay. | |

## BALIK-TANAW

**Panuto:** Punan ng tamang letra ang mga kahon upang mabuo ang mga salita na tinutukoy ng bawat pangungusap.

1. Ito ay uri ng aborsyon na tumutukoy sa pagwawakas ng pagbubuntis at pagpapaalis ng isang sanggol sa pamamagitan ng pag-opera o pagpapainom ng gamot.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| S | | P | | L | I | | | N |

2. Ang isang halimbawa ng *euthanasia* ay ang paghiling ng isang pasyente sa doktor na bigyan siya ng _____ upang tapusin ang kanyang paghihirap mula sa kanyang karamdamang wala ng lunas.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | E | D | | S | | N | |

3. Ang paglaganap ng______ sa ating lipunan ay madalas na may kaugnayan sa paggamit ng droga.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| K | | I | M | | |

4. Sa isyu ng aborsyon, ang panig ng _______ ay naniniwalang ang tao ang nagpapasya at pumipili batay sa kanyang sariling paniniwala, kagustuhan at iniisip na tama.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | R | O | | H | | | C | |

5. Ito ang karaniwang dahilan ng pagpapatiwakal ng tao dulot ng kawalan ng pag-asa sa gitna ng mga pagsubok sa buhay.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| D | | | R | | S | Y | | N |

6. Ang ______ ay pagkagumon sa alak at mga inuming nakalalasing na nagdudulot ng kawalan ng balanse, pagbagal ng pag-iisip, mababang enerhiya, kawalan ng pokus at iba't ibang sakit.

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | | | | H | O | | | S | M | |

7. Ang tao ay may kalayaang pumili para sa kanyang sarili kaya't inaasahan na siya ay magiging mapanagutan sa bawat pagpapasya at pagkilos na kanyang isasagawa lalo na sa mga bagay na may kinalaman sa kanyang _______.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| B | | H | | Y |

8. Ito ay uri ng aborsyon na tumutukoy sa pagkawala ng isang sanggol sa sinapupunan ng ina dulot ng natural na pangyayari at hindi ginamitan ng medikal o artipisyal na pamamaraan.

| | | | |
|---|---|---|---|
| | U | S | |

9. Ang aborsyon ay itinuturing na isang lehitimong paraan upang kontrolin o pigilin ang paglaki ng ________ sa ilang mga bansa.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | O | P | | | A | | | | N |

10. Upang maiwasan ang depresyon, mahalagang maging _______ sa buhay upang mabawasan ang mabigat na dalahin ng isang tao at hindi mauwi ito sa pagpapatiwakal.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | | S | | | | B | O |

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Mula sa nakaraang aralin ay tinalakay ang mga gawain o isyu na lumalabag sa kasagraduhan ng buhay tulad ng aborsyon, alkoholismo, paggamit ng ipinagbabawal na gamot, *euthanasia* at pagpapatiwakal. Dahil dito, natutuhan natin na dapat talagang pahalagahan ang buhay.

Sa aklat na Perspective: Current Issues in Values Education (De Torre, 1992), sinasabi na, "Ang buhay ng tao ay maituturing na pangunahing pagpapahalaga. Ang isang tao ay hindi maaaring gumawa at mag-ambag sa lipunan kung wala siyang buhay. Ang isang tao ay dapat unang isilang upang mapaunlad ang kanyang sarili at makapaglingkod sa kapwa, pamayanan at bansa. Kaya kinakailangang isilang at mabuhay siya." Kaugnay nito, nangangahulugan na ang pagkakataong mabuhay ay nagiging daan upang malinang ng tao ang kanyang sarili, mapatingkad ang mga taglay niyang katangian, maisabuhay ang mga pagpapahalaga at makapagbigay ng kontribusyon sa lipunan.

Karagdagan pa, ayon sa Bibliya, ang kabanalan ng buhay ay maiuugnay sa kapangyarihan ng Diyos bilang Dakilang Manlilikha. Ang tao ay nilikhang kawangis ng Dakilang Maylikha na iba sa lahat ng nilalang na may buhay – ang pagkakaroon ng kaluluwa (*soul*) na ispirituwal kung saan dito likas na dumadaloy ang pagkakaroon ng tao ng isip (*intelligence*) at kilos loob (*will*). Sa katotohanang ito, ang tao rin ang ninais ng Dakilang Maylikha na mamuhay kasama Niya sa Kaniyang kaharian ng pagmamahal. Ang mga prinsipyong ito ang batayan ng dignidad ng tao at ang kasagraduhan ng kaniyang buhay anuman ang katayuan sa buhay.

Sabi naman ni Papa Francis ng Roma, “Ang buhay ng tao ay napakahalaga; kahit na ang mga pinakamahihina at madaling matukso, mga maysakit, matatanda, mga hindi pa isinisilang at mahihirap, ay mga obra ng Diyos na ginawa sa sarili Niyang imahe at laan upang mabuhay magpakailanman, at karapat-dapat sa mataas na paggalang.” Ang pahayag na ito ay tumutukoy sa dignidad ng tao na nagmula sa Diyos kaya ito ay likas sa tao. Dahil sa dignidad, nagiging karapat-dapat tayo sa pagpapahalaga at paggalang mula sa ating kapwa at ang pagtataglay natin nito ay isang maliwanag na batayan kung bakit obligasyon natin na igalang ang ating sariling buhay at ang buhay ng ating kapwa. Nangangahulugan ito na ang lahat ng tao, anuman ang kanilang gulang, anyo, antas ng kalinangan at kakayahan ay nagtataglay ng dignidad at kahit iyong mga isinilang na may kapansanang pisikal o sa pag-iisip ay may karapatang mabuhay at pagkalooban ng paggalang.

Ang pagpapahalaga sa buhay ng tao, nasa anumang yugto ito, ay isang obligasyong bunsod ng katotohanang ito ay nagmula sa kabutihang loob ng Diyos. Ang paggalang at pagprotekta rito ay nagpapakita ng pantay na pagkilala sa karapatan ng bawat isa na mabuhay sa kabila ng kanilang kakulangan o kahinaan. Hindi nababawasan ang halaga at dignidad nito dahil lang ang isang tao ay bata, matanda, maysakit at may kapansanan. Sa pamamagitan ng pangangalaga at pagtataguyod sa kasagraduhan nito, maipamamalas natin ang pasasalamat sa kadakilaan ng Diyos at masasalamin sa atin ang kagandahan ng Kanyang mga gawa.

# GAWAIN

## Gawain 1: Pagsulat ng Maikling Sanaysay

- Pumili ng isang isyung lumalabag sa kasagraduhan ng buhay mula sa mga sumusunod:

  a. Aborsyon
  b. Alkoholismo
  c. Paggamit ng ipinagbabawal na gamot
  d. *Euthanasia*
  e. Pagpapatiwakal

- Magsagawa ng karagdagang pananaliksik hinggil sa napiling isyu upang makalikom ng mga kaugnay na impormasyon at datos sa paksang tinalakay.
- Sumulat ng isang maikling sanaysay na maglalahad ng iyong sariling posisyon o paninindigan ukol sa isyung napili.
- Ilahad sa sanaysay ang iyong mga argumento ng pagsang-ayon o pagsalungat hinggil sa isyu na susuporta sa iyong posisyon. Gamitin ang mga sumusunod bilang gabay sa pagbuo ng mga bahagi ng iyong sanaysay:

a. Panimula (*Introduction*)
b. Katawan ng sanaysay (*Body*)
c. Pangwakas na bahagi (*Conclusion)*

## Gawain 2: Pangako ng Buhay

**Panuto:** Gumawa ng isang komitment sa pamamagitan ng *spoken poetry* kung paano mo patitibayin ang iyong paggalang at pagpapahalaga sa kasagraduhan ng buhay.

***Rubric* para sa Pagsulat ng *Spoken Poetry***


| Kraytirya | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| Tema at Nilalaman | Tugma ang mga nilalaman at pamamaraan sa pagpapaliwanag | May isang nilalaman o pamamaraang hindi tugma. | May dalawang nilalaman o pamamaraang hindi tugma. | May tatlo o higit pang nilalaman o pamamaraang hindi tugma. |
| Pagkamalikhain | Naipakita ang pagkamalikhain sa kabuuan ng pagsulat at nakapukaw ng pansin ang kabuuan ng pagtalakay. | Hindi gaanong naipakita ang pagkamalikhain sa kabuuan ng pagsulat at hindi gaanong nakapukaw ng pansin ang pagtalakay. | Hindi naipakita ang pagkamalikhain sa ginawang pagsulat. | Hindi nakagawa ng malikhaing pagsulat. |
| Istruktura ng Tula *(Spoken Poetry)* | Ang mga linya ay organisado ang pagkakasulat.<br><br>Gumamit ng simple at malinaw na mga salita. | May ilang linyang hindi organisado ang pagkakasulat.<br><br>May 1-2 salitang hindi maunawaan ang tunay na kahulugan. | Karamihan ng mga linya ay hindi organisado ang pagkakasulat.<br><br>May 3-4 na salitang hindi maunawaan ang tunay na kahulugan. | Walang organisasyon ang pagkakasulat.<br><br>May 5 o higit pang salitang hindi maunawaan ang tunay na kahulugan. |

## TANDAAN

Ang buhay ay nararapat nating itaguyod at igalang bilang likas na karapatan ng bawat nilalang anuman ang kanyang katayuan. Hindi batayan ang ating edad o kung nasaan man tayong yugto ng ating buhay upang mabawasan ang pagpapahalaga sa buhay na taglay natin.

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

**Panuto:** Punan ang *graphic organizer* ng mahahalagang natutuhan tungkol sa kahalagahan ng paggalang sa buhay ng tao at isulat ang nabuong konsepto sa nakalaang kahon sa ibaba.




## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto:** Basahin at unawain ang mga tanong sa bawat bilang. Bilugan ang titik ng wastong sagot.

1. Saan nagmumula ang ating pagkakapantay-pantay bilang tao?

   A. sa kapangyarihan ng Diyos
   B. sa pagkakaroon natin ng buhay
   C. sa paglikha ng Diyos sa atin ayon sa Kanyang wangis
   D. sa pagkakaroon natin ng mga kakayahan, talento at karapatan

2. Alin sa mga sumusunod na pahayag ukol sa buhay ang *hindi totoo*?

   A. Ang buhay ng tao ay maituturing na pangunahing pagpapahalaga.
   B. Ang karapatan sa kanyang buhay ay nasa kamay lamang ng pinagkalooban nito.
   C. Ang halaga ng buhay ng tao ay hindi nababawasan nasa anumang yugto ito.
   D. Ang buhay ay likas na karapatan ng bawat nilalang anuman ang kanyang katayuan.

3. "Ang kabanalan ng buhay ay maiuugnay sa kapangyarihan ng Diyos bilang Dakilang Manlilikha." Ano ang kahulugan ng pahayag?
   A. Ang buhay ay sagrado dahil ito ay kaloob mula sa Diyos.
   B. Ang buhay ay banal dahil sa kaugnayan natin sa Diyos.
   C. Sagrado ang buhay dahil sa pagiging manlilikha ng Diyos.
   D. Sagrado ang buhay dahil sa kapangyarihang taglay ng Diyos.

4. Tukuyin kung alin sa mga sumusunod na pangungusap ang TAMA.
   A. Ang pangangalaga sa buhay ay obligasyon lamang natin sa ating sarili.
   B. Ang paggalang sa buhay ay nakalaan lamang sa mga may kahinaan at kakulangan.
   C. Ang pangangalaga sa buhay ay paraan ng pagdakila at pagkilala sa kabutihan ng Diyos.
   D. Ang paggalang sa buhay ay nakasalalay sa ating sariling kagustuhan o kaginhawaan.

5. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang MALI?
   A. Ang tao ay may likas na karapatang mabuhay simula *conception* hanggang sa kanyang kamatayan.
   B. Ang edad, katayuan o yugto ng buhay ng tao ang batayan kung ito ay igagalang at pangangalagaan.
   C. Ang paggalang sa buhay ay nagpapakita ng pantay na pagkilala sa karapatan ng bawat isa na mabuhay anuman ang kanilang kalagayan.
   D. Ang pagkakaroon natin ng dignidad ang batayan kung bakit obligasyon nating igalang ang buhay.

6. Ang mga kriminal man ay may karapatan ding mabuhay kung kaya't binibigyan sila ng pagkakataong:
   A. bisitahin ng kanilang pamilya at mga mahal sa buhay habang nasa piitan.
   B. makahalubilo ang iba pang mga nasa loob ng bilangguan.
   C. pagsisihan ang mga nagawa at magbagong-buhay habang nasa piitan.
   D. makinabang sa *executive clemency* na ibinibigay ng pangulo.

7. Ano ang pinakamabisang paraan upang ang kabataan ay hindi malulong sa ipinagbabawal na gamot?
   A. Huwag bigyan ng labis na salapi na maaaring magamit sa bisyo.
   B. Ipakilala sa kanila ang iba't-ibang uri ng libangan at *sports*
   C. Ilayo sila sa impluwensya ng masasamang barkada at bisyo.
   D. Ituro habang bata pa ang kahalagahan ng pangangalaga sa buhay at kalusugan

8. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng paggalang sa buhay nasa anumang yugto ito ng pag-unlad *(developmental stage)*
   A. Karapatan ng mga batang mabigyan ng proteksyon laban sa pang-aabuso at Karahasan.
   B. Pagkilala sa karapatan bilang tao ng mga sanggol sa sinapupunan
   C. Pagtangkilik at pangangalaga sa mga *senior citizens*
   D. Lahat ng nabanggit

9. Ang katawan ay pisikal na dimensyon ng buhay na kaloob ng Diyos sa tao kaya't mahalagang ito ay pangalagaan upang:
   A. maging kaaya-aya ito sa paningin ng kapwa tao
   B. magawa nito ang angkop sa gawain sa kanyang panahon
   C. malampasan ang mga kahinaang taglay nito.
   D. mapanatili ang kalakasan at kasiglahan nito habambuhay.

10. Ano ang pinakamabuting paraan ng pagpapakita ng pagpapahalaga sa buhay na handog ng Diyos sa atin?
   A. Iwasan ang mga bisyong sisira sa kalusugan at buhay.
   B. Mag-alay tuwina ng panalangin ng pasasalamat sa Diyos.
   C. Maging *health conscious* at itaguyod ang malusog na istilo ng pamumuhay.
   D. Pangalagaan ang sarili at gamitin ang buhay sa paglilingkod sa kapwa.

## SANGGUNIAN


- Brizuela, Mary Jean B; Arnedo, Patricia Jane S; Gayola, Sheryll T. et. al. 2015. *Edukasyon sa Pagpapakatao Ikasampung Baitang Modyul para sa Mag-aaral.* 254-276.

- Punsalan, Twila G; Caberio, Sylvia T; Nicolas, Myra V; Reyes, Wilma S. 2007. *Kaganapan sa Maylalang IV*. 194-197.

## SUSI SA PAGWAWASTO

**Balik-Tanaw:**

1. Sapilitan
2. Medisina
3. Krimen
4. Pro-choice
5. Depresyon
6. Alkoholismo
7. Buhay
8. Kusa
9. Populasyon
10. Positibo

**Pangwakas na Pagsusulit:**

1. C
2. B
3. A
4. C
5. B
6. C
7. D
8. D
9. B
10. D